



Sangguniang Gabay para sa Bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng Immunocompromised

Ang mga taong immunocompromised ay lalong madaling mahawahan ng mga sakit tulad ng COVID-19. *Kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod na medikal na kondisyon, itinuturing ka bilang katamtaman o malubhang immunocompromised at maaaring makabuti sa iyo ang karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19. Kasama na rito ang mga taong:*

- » Tumatanggap ng aktibong paggamot sa kanser para sa tumor o kanser sa dugo
- » Nakatanggap ng organ transplant o gumagamit ng gamot na pampahina ng immune system
- » Nakatanggap ng stem cell transplant sa loob ng nakaraang 2 taon o gumagamit ng gamot na pampahina ng immune system
- » May katamtaman o malubhang primary immunodeficiency (gaya ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- » May advanced o hindi nagagamot na impeksiyong HIV
- » Tumatanggap ng aktibong paggamot gamit ang corticosteroids na may mataas na dosis o iba pang gamot na posibleng magpahina sa immune response.

Hindi kasama sa listahang ito ang lahat ng kondisyong nagpapahina sa immune system, mangyaring kausapin ang iyong provider ng medikal na serbisyo upang alamin kung makakabuti sa iyo ang mga karagdagang dosis. Kung ikaw ay immunocompromised, tingnan sa chart na nasa ibaba kung ilang dosis ang angkop kang tanggapin upang manatiling protektado laban sa COVID-19:

<i>Kung nakakuha ka ng...</i>	Hanay ng Edad	Pangunahing Serye	KARAGDAGANG MONOVALENT NA DOSIS?	Puwede ba akong kumuha ng BOOSTER?
Moderna	6 buwan hanggang 4 taong gulang	2 dosis na ibinigay nang may agwat na 28 araw	Oo, dapat kang makatanggap ng karagdagang dosis, 28 araw pagkatapos ng iyong ikalawang dosis.	Oo, ang mga batang 6 buwan hanggang 4 taong gulang ay dapat makatanggap ng updated na bivalent na dosis na may brand na kapareho ng kanilang pangunahing serye
	5 taong gulang	2 dosis na ibinigay nang may agwat na 28 araw	Oo, dapat kang makatanggap ng karagdagang dosis, 28 araw pagkatapos ng iyong ikalawang dosis.	Oo, Ang mga 5 taong gulang pataas ay dapat makatanggap ng updated na bivalent booster na dosis ng Pfizer o Moderna
	6+ taong gulang	2 dosis na ibinigay nang may agwat na 28 araw	Oo, dapat kang makatanggap ng karagdagang dosis, 28 araw pagkatapos ng iyong ikalawang dosis.	Oo, inirerekomenda ang updated na bivalent mRNA booster na dosis ng Pfizer o Moderna, 2 buwan pagkatapos ng huling dosis upang maituring na updated ang mga 6 taong gulang pataas. Ang mga taong edad 18 pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaari ding tumanggap ng booster ng Novavax, 6 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang pangunahing serye kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.
Pfizer	6 buwan hanggang 4 taong gulang	3 dosis: Dapat ibigay ang unang 2 dosis nang may agwat na 21 araw; ang ikatlong dosis naman ay 8 linggo pagkatapos nito.	Hindi kailangan ng karagdagang pangunahing dosis sa ngayon.	Hindi, hindi awtorisado ang updated na bivalent na dosis para sa mga 6 buwan hanggang 4 taong gulang na nakatapos na ng pangunahing serye ng Pfizer sa ngayon.
	5 taong gulang	2 dosis na ibinigay nang may agwat na 21 araw	Oo, dapat kang makatanggap ng karagdagang dosis, 28 araw pagkatapos ng iyong ikalawang dosis.	Oo, ang mga batang 5 taong gulang na nakatanggap ng Pfizer ay maaari lang makatanggap ng updated na bivalent booster ng Pfizer
	6+ taong gulang	2 dosis na ibinigay nang may agwat na 21 araw	Oo, dapat kang makatanggap ng karagdagang dosis, 28 araw pagkatapos ng iyong ikalawang dosis.	Oo, inirerekomenda ang updated na bivalent mRNA booster na dosis ng Pfizer o Moderna, 2 buwan pagkatapos ng huling dosis upang maituring na updated ang mga taong edad 6 pataas. Ang mga taong edad 18 pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaari ding tumanggap ng booster ng Novavax, 6 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang pangunahing serye kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.
Johnson & Johnson	18+ taong gulang	1 dosis	Oo, dapat kang kumuha ng karagdagang dosis ng mRNA na bakuna, 28 araw pagkatapos ng ika-1 dosis ng J&J.	Oo, inirerekomenda ang updated na bivalent mRNA booster na dosis ng Pfizer o Moderna, 2 buwan pagkatapos ng huling dosis upang maituring na updated. Ang mga taong edad 18 pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaari ding tumanggap ng booster ng Novavax, 6 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang pangunahing serye kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.
Novavax	12+ taong gulang	2 dosis na ibinigay nang may agwat na 21 araw	Hindi kailangan ng karagdagang pangunahing dosis sa ngayon.	Oo, inirerekomenda ang updated na bivalent mRNA booster na dosis ng Pfizer o Moderna, 2 buwan pagkatapos ng huling dosis upang maituring na updated ang mga taong edad 12 pataas. Ang mga taong edad 18 pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaari ding tumanggap ng booster ng Novavax, 6 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang pangunahing serye kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.

Mga Madalas Itanong

Ano ang pinagkaiba ng karagdagang dosis ng bakuna at booster na dosis ng bakuna?

Ang karagdagang dosis ay para sa ilang pasyente (tingnan ang talahanayan sa itaas) na nakatapos na ng pangunahing serye ng bakuna ngunit hindi sapat na malakas ang immune response.

Ang booster na dosis ay ibinibigay upang madagdagan o maibalik ang proteksiyon at/o immunity matapos humina ang inisyal na serye ng bakuna sa paglipas ng panahon.

Anong mga umiiral nang medikal na kondisyon ang naglalagay sa iyo sa mas malaking panganib na magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19?

Ang mga taong may kahit anong edad at kondisyong nakalista sa ibaba ay mas posibleng magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19.

Mahalaga ang mga bakuna (mga inisyal na dosis at booster) sa COVID-19 at ang iba pang mga hakbang para makaiwas sa COVID-19, lalo na kung ikaw ay nakakatanda o marami o malubha ang iyong kondisyon sa kalusugan tulad ng nasa listahang ito. Hindi kasama sa listahang ito ang lahat ng posibleng kondisyong naglalagay sa iyo sa mas malaking panganib na magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19. Kung mayroon kang kondisyong hindi nakalista rito, kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung paano pinakamainam na mapangangasiwaan ang kondisyon mo at mapoprotektahan ang iyong sarili laban sa COVID-19.

- » Kanser
- » Pangmatagalang sakit sa bato
- » Pangmatagalang sakit sa atay
- » Pangmatagalang sakit sa baga
- » Dementia o iba pang kondisyong neurological
- » Diyabetes (type 1 o 2)
- » Down syndrome
- » Mga kondisyon sa puso
- » Impeksiyong HIV
- » Kalagayang immunocompromised (mahinang immune system)
- » Mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- » Labis na timbang at katabaan
- » Pagbubuntis
- » Sickle cell disease o thalassemia
- » Paninigarilyo, ngayon o noon
- » Solid organ o blood stem cell transplant
- » Stroke o cerebrovascular disease, na nakakaapekto sa pagdaloy ng dugo sa utak
- » Mga sakit na dulot ng pagkalulong sa alak o gamot
- » Tuberculosis

Ano ang updated/bivalent na booster?

Ang updated/bivalent na booster sa COVID-19 ay formula ng bakuna na nagpapalakas sa immunity laban sa orihinal na coronavirus strain at nagpoprotekta rin laban sa mga mas bagong variant na sanhi ng mga kasalukuyang kaso. Ang mga updated na booster ay ginawa para magbigay ng pinakamabisang proteksiyon laban sa virus at tugunan ang pagkawala ng bisa ng bakuna sa paglipas ng panahon.

Kailangan ba ng mga taong katamtaman o malubhang immunocompromised ng tala/reseta ng doktor o iba pang dokumentasyon para matanggap ang mga dosis na ito?

Hindi, maaaring magpakilalang mag-isa ang indibidwal at matanggap na niya ang lahat ng dosis sa kahit saang lugar na nag-aalok ng bakuna. Makakatulong itong tiyaking hindi na madaragdagan pa ang mga humahadlang sa populasyong ito para makakuha ng bakuna. Kung may tanong ang mga immunocompromised na indibidwal tungkol sa kanilang partikular na medikal na kondisyon, maaari nilang talakayin kasama ng kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan kung angkop o hindi ang pagkuha ng karagdagang dosis.

Kung kukuha ako ng bakuna sa COVID-19, kailangan ko pa bang magsagawa ng ibang pag-iingat?

Oo, kahit na nabakunahan ka na, maaaring kailangan mo pa ring magsuot ng mask sa ilang pampublikong lugar na nasa loob ng gusali. Maghanap ng higit pang impormasyon sa aming [page ng Mga Madalas Itanong tungkol sa Mask at Pantakip sa Mukha](#) (sa English). Inirekomenda namin na maghugas ka ng kamay nang madalas, magpanatili ng distansiyang 6 talampakan (2 metro), at limitahan ang pakikipagtipon.

Gumagana nang mabuti ang mga bakuna sa COVID-19, ngunit hindi 100% ang bisa ng mga ito. Maaari pa ring mahawahan ng COVID-19 ang ilang tao kahit na nabakunahan na sila. Dahil sa pagdami ng mas nakakahawang variant, mahalagang gawin ng lahat ng tao ang mga pag-iingat gaya ng pagsusuot ng mask upang mabawasan ang pagkalat ng virus.

Mayroon pang tanong? Pumunta sa: doh.wa.gov/covidbooster